


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 1:
## Pagsagot sa Tanong sa Talaarawan



Name of Learner:______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Filipino – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa Tanong sa Talaarawan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Alma Bella B. Razo

**Editor/Tagasuri:** Sheila Mae M. Magale/Riela Angela C. Josol

**Tagalapat** May D. Olavides

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent

Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang inyong isaisip. Nakakatulong ito upang matulungan kang Magpakatao at Maging Kasapi ng Pamilya. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na magamit ito sa maraming iba't- ibang mga sitwasyon sa pag-aaral. Ang wika na ginamit ay kinikilala ang magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga aralin ay inayos upang sundin ang karaniwang pagkakasunud-sunod ng kurso. Ngunit ang pagkakasunud-sunod kung saan mo basahin ang mga ito ay maaaring mabago upang tumugma sa aklat na ginagamit mo ngayon.

Pagkatapos mong mapagtagumpayang sagutin ang modyul na ito, inaasahan na ikaw ay:

- Nasasagot ang mga tanong sa binasa/napakinggang talaarawan **(F5PB-Id-3.4)**

| Aralin 1 | Pagsagot sa Tanong sa Talaarawan |
|---|---|

# *Tuklasin*

**Panuto sa Mag-aaral:** Mahusay ang pagsagot mo sa mga tanong kanina. Para mas malinang ang iyong kakayahan at kaalaman sa pagsagot ng mga katanungan, may talaarawan akong ipapabasa sa iyo. Pagkatapos, sagutin lamang ang mga kasunod na mga katanungan. Maaari mong isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

Handa ka na ba? Game!

## Talaarawan ni RJ

**Oktubre 27, 2016**

Ito ang araw na dumating kami sa probinsya ng aming lolo kasama ang aking pinsan na si Kenneth.

Una naming pinuntahan ang bukid ni lolo. Malawak ang kanyang bukirin at maraming pananim. Tuwang-tuwang pinanood namin ni Kenneth ang mga magsasakang nagtatanim ng palay at mais. Nagpahinga kami sa ilalim ng punong mangga habang nalalanghap ang sariwang hangin sa probinsya. Nagpakuha kami ng litrato ni Kenneth sa malawak na bukirin ni lolo maging sa mga magsasaka. Nakakatuwang hindi napigilan ni Kenneth ang sumakay sa malusog na kalabaw ni lolo at magpakuha ng litrato roon. I-uupload daw niya ito sa kanyang facebook account.

Nagtapos ang aming pamamasyal ng araw na iyon sa pagsasalu-salo sa inihandang pagkain ni lolo.

**Oktubre 28, 2016**

Sa ikalawang araw ng pamamasyal namin ni pinsan ay nagpunta kami sa ilog malapit sa kinatatayuan ng kubo ni lolo.

Namangha kami ni Kenneth sa malinaw at malinis na tubig na umaagos sa ilog.

Kitang-kita namin ang mga lumalangoy na isda at ang pinakailalim ng ilog. Sabi ng aming lolo, maaari raw inumin ang tubig mula sa ilog. Napanatili raw na malinis ang ilog dahil na rin sa disiplina ng mga nakatira malapit doon.

Agad kaming naglangoyat naglaro ni Kenneth sa ilog na tila ayaw na namin umalis.

Nagpahinga kami saglit at kumain ng mga matatamis na prutas na baon namin sa paglangoy.

Tila napakasayang araw ng ikalawang araw namin sa probinsya ni lolo.

**Oktubre 29, 2016**

Sa ikatlong araw ng aming pamamasyal, dinala kami ni lolo sa sikat na burol sa kanilang probinsyaupang magpiknik. Napakaraming bata rin ang naroon na nagpapalipad ng kanilang mga saranggola kasama ang

kanilang pamilya. Napatingin ako sa paligid, mapapansin ang malinis na lugar, matataas na puno, makukulay na bulaklak at masisiglang mga tao.

Hindi namin napigilan ni Kenneth na makisalamuha sa ibang mga bataat makipaglaro. Tuwang-tuwang nakamasid lamang si lolo sa amin habang kami ay naglalaro.

Maya-maya'y tinawag tinawag na kami ni loloupang magsalu-salo sa dala naming pagkain.

Sayang-saya ako sa araw na ito.

**Tanong:**

1. Anong uri ng teksto ang iyong binasa?
2. Sino ang nagmamay-ari ng talaarawan?
3. Kailan naganap ang unang araw ng bakasyon ng magpinsan?
4. Ano-ano ang mga naganap noong unang araw ng bakasyon?
5. Ano-ano ang mga naganap noong ikalawang araw ng bakasyon?
6. Ano-ano ang mga naganap sa ikatlong araw ng bakasyon?
7. Sa iyong palagay, naging masaya kaya ang magpinsan sa kanilang tatlong araw na bakasyon sa probinsya ng kanilang lolo? Paano mo nasabi?

# *Suriin*

Ang **talaarawan** ay tala ng nangyayari sa bawat araw. Ginagawa ito upang makita ang pagbabago o pag-unlad ng isang bagay kasabay ng panahon. Maraming bagay ang maaaring itala sa talaarawan: ang pagkatuto ng isang mag-aaral, ang pagbubuo ng isang proyekto, at iba pa.

Naglalaman ang talaarawan ng mga karanasan ng isang tao. Maaari itong mahabang salaysay ng lahat ng nangyari sa buong araw. Maaari ding ilarawan ang iyong mga nararamdaman o naiisip habang nagaganap ang mga bagay na ito. Kapag binabalikan ang mga pahina ng isang talaarawan, muling nagbabalik ang mga mahahalagang alaala sa ating buhay.

Narito ang isang halimbawa:

**Oktubre 29, 2016**

Sa ikatlong araw ng aming pamamasyal, dinala kami ni lolo sa sikat na burol sa kanilang probinsyaupang magpiknik. Napakaraming bata rin ang naroon na nagpapalipad ng kanilang mga saranggola kasama ang kanilang pamilya. Napatingin ako sa paligid, mapapansin ang malinis na lugar, matataas na puno, makukulay na bulaklak at masisiglang mga tao.

Nakuha mo na ba kung ano ang talaarawan? Mahusay!

## *Pagyamanin*

Ngayong alam mo na kung ano ang talaarawan ay basahin mo ang isang talaarawan ni Tina kung paano siya nagtitipid para sa paglalaan ng bagay sa isang espesyal na tao. Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

Setyembre 1, 2015

Malapit na ang kaarwan ni Isay, ang bunso naming kapatid. Mag-iipon ako para maibibili ko siya ng regalo. Magtitira ako sa baon kong PHP 40.00 araw-araw para may maipon ako. Ililista ko araw-araw ang mga pinaggastusan ko ng aking baon. Mayroon pa akong dalawang lingo para mag-ipon.

Setyembre 2, 2015

Ito ang araw ng pagsisimula ko sa aking pag-iipon.

Narito ang mga pinaggastusan ko sa aking PHP 40.00 baon:

Pamasahe  PHP 14.00

Meryenda  PHP 10.00

Kompyuter  PHP 10.00

(Para sa proyekto)___________

PHP 34.00; natipid ko: PHP 6.00

Setyembre 3, 2015

Nakaipon ako ng PHP 6.00 ulit. Masaya ako.

Nakapag-ipon ako noong Biyernes ng isa pang PHP 6.00. Mayroon akong PHP 18.00 tapos idaragdag ko ang naiipon ko ngayong PHP 5.00. May PHP 23.00 na akong naipon.

Seytembre 8, 2015

Sinabi ni kuya na tutulungan niya akong makapag-impok. Naglakad kami pauwi pagkatapos ng klase. Nakapapagod, pero masaya naman kaming nagkukuwentuhan habang naglalakad. Mapayapang lugar naman ang aming bayan kaya ligtas kaming nakauuwi araw-araw. Nakapag-ipon ako ngayon ng PHP 3.00.

Setyembre 22, 2015

Mula noong Setyembre 15 hanggang kahapon, Setyembre 21, ang naiipon ko ay nagkakahalaga na ng PHP 77.00. Ito rin ang araw ng kaarawan ni Isay. Pumunta kami ni kuya sa tindahan kanina. Nabili namin ang manyikang matagal nang tinitingnan ni Isay tuwing mapapadaan kami roon-PHP 50.00 lang! Inisip naming bumili ng tsokolate, pero sabi ni Kuya, itabi na lang daw ang butal. Malapit na rin kasi ang kaarawan ni Nanay at malapit na rin ang Pasko.

Katanungan:

1. Ano ang itinala ni Tina sa kanyang talaarawan?
2. Bakit niya ito itinatala sa kaniyang talaarawan?
3. Ano-ano ang pinaglalaanan niya ng pera sa bawat araw?
4. Ano-ano ang kanyang ginawa upang makatipid?
5. Sa tingin mo, ano pa ang puwede niyang gawin upang makatipid?

# *Isaisip*

**Tandaan:**

Sa pagsulat ng talaarawan, huwag kakalimutang isulat ang petsa ng pagsulat ng sa gayon kapag binabalikan ang mga pahina ng isang talaarawan, muling nagbabalik ang mga mahahalagang alaala sa ating buhay.

**Gawain:**

Tulad ng pagtitipid ni Tina, nais kong sumulat ka sa iyong talaarawan ng isang paraan ng ginagawa ng inyong pamilya upang makatipid sa koryente, tubig, pera, pagkain o iba pang bagay nitong nakaraang tatlong araw.

# *Tayahin*

Panuto: Basahin at unawain ang isang talaarawan nasa kahon. Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan ukol dito. Isulat ang tamang letra sa inyong sagutang papel.

**Isang Araw sa Buhay ni Mang Erning**

**Marso 12, 2015**

Alas-singko ng umaga ako nakarating sa pila. Pangatlo ako kaya maaga akong nakapagsimula ng biyahe. Magkapatid na estudyante ang una kong inihatid sa paaralan. Pagbaba nila, mayroon naming sumakay papunta sa palengke. Tuloy-tuloy ang biyahe dsahil maraming pasahero. Halos lahat sila ay mga mag-aaral na may dalang malalaking bag. Ang ibang mga bata ay inihahatid pa ng kanilang mga magulang.

Hanggang mag-alas-otso ay wala na masyadong pasahero dahil nagsipasok na sa paaralan o trabaho ang lahat kaya umuwi muna ako upang mananghalian kasama ang mga bata at palitan ang pundidong ilaw sa kusina. Naihatid ko na rin ang kapitbahay naming si Aling Teray patungong ospital. May sakit yata ang kanyang bunso.

Napakasikip ng kalsada pagsapit ng alas-singko ng hapon. Marami sanang pasahero subalit punong-puno rin ng sasakyan ang kalye kaya mabagal pa rin ang biyahe. Naisakay ko ang mga anak ni Mang Teban, kaya humimpil muna ako sa kanilang tindahan upang doon maghapunan.

Alas-diyes ng gabi na ako nakauwi. Tulog na ang mag-iina ko pagdating ko. Nakapapagod ang biyahe pero kakayanin. Mabuti na nga ang maraming pasahero dahil tuloy-tuloy ang kita. May panahon ang hanapbuhay kasi mahina ang kita lalo pa kung bakasyon at walang estudyante. Iniisip ko nalang na ginagawa ko ito para sa aking mag-iina. Sila ang nagbibigay sa akin ng lakas. Magpapahinga lamang ako ngayong gabi. Bukas, magbibiyahe akong muli.

1. Tungkol saan ang iyong binasa?
   A. pagtaas ng presyo ng gasolina
   B. ang buhay ng ilang mamamayan
   C. iba't ibang pasahero ng traysikel
   D. isang araw sa buhay ng isang tsuper

2. Bakit kaunti lang ang pasahero ni Mang Erning kapag tanghali?
   A. Sumasakay sila sa dyip o bus.
   B. Nakapasok na sila sa eskwela o trabaho.
   C. Walang pasok ang mga estudyante kapag tanghali.
   D. Ayaw sumakay ang mga pasahero kay Mang Erning.

3. Bakit sinasabi ni Mang Erning na may panahon ang kanilang hanapbuhay?
   A. May mga araw na malamig at may mga araw na mainit.
   B. May mga buwan na hindi maaaring magmaneho ng traysikel.
   C. May mga araw na malakas ang kita at may mga araw na mahina ang kita.
   D. May mga araw na nasisiraan ng traysikel si Mang Erning.

4. Anong oras maraming pasahero si Mang Erning?
   A. umaga
   B. tanghalian
   C. gabi
   D. hatinggabi

5. Bakit nagpatid si Aling Teray kay Mang Erning sa ospital?
   A. may sakit si Aleng Teray
   B. naaksidente ang kanyang asawa
   C. naaksidente ang anak
   D. may sakit ang kanyang bunso

6. Ano ang naging motibasyon ni Mang Erning sa kabila ng pagod sa pamamasada?
   A. kanyang magulang
   B. kanyang mag-iina
   C. kanyang apo
   D. kanyang mga kapatid

7. Ano ang naabutan ni Mang Erning pag-uwi kinagabihan?
   A. Kumakain ang kanyang mag-ina
   B. Naghihintay sa kanya ang mag-iina
   C. Tulog na ang mag-iina
   D. Nanood ng telebisyon ang mag-iina
8. Bakit mabagal ang biyahe ng alas-singko ng hapon?
   A. Dahil sa dami ng sasakyan sa kalye dahil uwian.
   B. Dahil sa mga naglalakihang mga truck at bus.
   C. Dahil aksidente sa kalsada.
   D. Dahil sa mga nakaparadang sasakyan sa gilid ng kalsada.
9. Ano ang ginawa ng pangunahing tauhan matapos mananghalian?
   A. nagpahinga sa kuwarto
   B. nanood ng palabas sa telebisyon
   C. nagpalit ng pundidong ilaw sa kusina
   D. naghugas ng pinagkainan
10. Ano ang gagawin ni Mang Erning kinabukasan?
   A. magpapahinga
   B. babiyahe muli
   C. mamasyal kasama ang pamilya
   D. matutulog buong araw

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ka ng talaarawan sa iyong kuwaderno sa linggong ito ukol sa mga ginagawa ninyo sa inyong bahay sa panahong ito ng pandemya. Bumuo ng limang tanong at sagutin ang mga ito.

# Susi ng Pagwawasto

**Tuklasin**

Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang pag-iskor ng guro

**Pagyamanin**

Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang pag-iskor ng guro

**Isaisip**

Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang pag-iskor ng guro

**Tayahin**

1. D
2. B
3. C
4. A
5. D
6. B
7. C
8. A
9. C
10. B

# Sanggunian


Aklat

Agarrado, Patricia Jo. Et.al. 2016. *Alab Filipino: Batayang Aklat.*Quezon City: Vibal Group Inc.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er
That my ashes may carpet earthly floor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare,
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed!
Give thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."